KASAGANA-KA
Mutual Benefit Association, Inc.

Resolution Bilang 59, Serye 2016

Resolusyon hinggil sa Pag-renew ng kontrata sa Social Initiative Against Catastrophe (SICAT)

SAPAGKAT, ang KMBA ay may kasalukuyang kontrata sa SICAT bilang kabalikat na organisasyon (partner) para sa pagtugon sa pinansyal at iba pang pangangailangan ng mga kasapi ng KMBA sa panahon ng kalamidad, maging ito ay "man-made" o "natural disaster" na naging sanhi ng pagkasira ng kanilang tahanan;

SAPAGKAT, nais ng KMBA na magkaroon ng karagdagang benepisyo ang mga kasapi at pamilya nito dulot ng mga hindi inaasahang trahedya na naging sanhi ng pagkasira o pagkasunog ng kanilang mga ari-arian at tahanan;

SAPAGKAT, ang KMBA ay may Apatnapu't dalawang libo, limang daan at pitumpu't walo (42,578) bilang ng kasapi;

SAPAGKAT, kaakibat ng bilang ng aktibong kasapi ay ang pagbabayad ng itinakdang kontribusyon para sa SICAT na nagkakahalaga ng ***Isang daan at walumpung libo, apat na daan at walumpu't pitong piso*** (Php180,487.00);

NGAYON DAHIL DITO, napagkasunduan at sinang-ayunan ng Board of Trustees na maglaan ng pondo at ipagpatuloy ang kasunduan o kontrata sa SICAT sa pamamagitan ng pagbayad ng kontribusyon na halaga ng Isang daan at walumpung libo, apat na daan at walumpu't pitong piso (Php180,487.00) para sa "period of coverage" na Enero 1, 2016 hanggang Disyembre 31, 2016.

Sa pagpapatibay ng kapasyahang nabanggit, ang Board of Trustees ay lumagda sa resolusyong ito ngayon ika-15 ng Hulyo 2016, Lungsod Quezon.

ELIZABETH N. YAYON
Pangulo

JUDEA T. GUTIERREZ
Ingat-yaman

JERLENE B. PEREZ
Kalihim

AILENE V. RAMOS
Miyembro

MARIVIC R. LOTERTE
Miyembro

PERLA F. BATINGAL
Independent Board

MA. JONA K. PAROLAN
Miyembro

Pinagtibay ni:

SILVIDA R. ANTIQUERA
General Manager

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com